# やっぱりおうちがいいな

～Para sa mga bata na hindi maka-uwi sa bahay dahil sa trauma ng lindol～



Pagkatapos ng malakas na lindol, dahil sa pagyanig ng mga bahay at nahulog na mga bagay, maraming mga bata ang nagka-trauma at ayaw umuwi ng bahay. Ang picture book na ito ay ginawa para sa kanila. Hangad namin na maging gabay ito ng mga magulang.


Kumamoto City

Children Development

Support Center

Ginawa ni

Kumishige Kimura

at Yukimi Saigo

Ginuhit ni Kumi Kawashima


Ang mundo ay sinipon。


「hatsingg!!」




Naku! Lumilindol!

Si Akira, ang kanyang Ate Kumi,
ang kanyang Tatay at Nanay
ay nagtakbuhan sa labas ng bahay.




Nagpunta sila sa evacuation shelter.
Puno ng tao ang gym ng mga paaralan.
Para kay Akira, iba ang hitsura ng gym. Hindi ito katulad ng dati. Pinilit siyang papasukin ng kanyang Nanay kaya ganoon na lang ang kanyang iyak.


Wala silang magawa kundi piliin na
matulog na lang sa kanilang kotse.




Dalawang linggong ganoon ang kanilang kalagayan. Kukuha sila ng pagkain sa evacuation shelter at natutulog sa kotse. Natigil na ang lindol kaya binalak nilang umuwi na sa kanilang bahay.

Papasok pa lamang sila sa bahay nang biglang naalala ni Akira ang lindol. Natakot siya at hindi na ito makapasok sa loob.

'Ayokong pumasok, natatakot ako'

Humawak siya ng mahigpit sa kanyang Nanay at umiyak ng umiyak.



Ang kanyang Ate Kumi ay naglakas loob at pumasok ng bahay.

Mayroon pa ring mga kalat dahil sa lindol pero dahil inayos ito ng kanyang Tatay bumalik ng konti sa dati ang ayos nito.

Kinuha ni Kumi and stuffed toy na Kumamon at pinakita ito kay Akira.

'Tignan mo hinihintay tayo ni Kumamom sa loob ng bahay.'




Nilakasan ni Akira ang kanyang loob at pumasok siya ng dahan dahan sa bahay.



Pagpasok niya, bigla na lang nagpalakpakan ang kanyang mga laruan, si Kumamom, ang tren, ang minicar at iba pa.





Nilaro ni Akira ang kanyang mga laruan.

‘Mas masaya talaga sa aming bahay.’




Pag dating ng gabi, naalala na naman ni Akira ang lindol. Bigla itong natakot at napaiyak. Niligpit ang kanyang Tatay ng mga bagay na pwedeng mahulog para magkaroon sila ng ligtas na lugar sa bahay.




‘Kung lumindol ulit, tumakbo ka sa ilalim ng mesa at sabay-sabay tayong lalabas ng bahay’

Ang sabi ng kanyang Nanay habang niyayakap siya nito ng mahigpit.

Noong gabi, ang kanyang Tatay, Nanay, Ate Kumi at si Akira ay natulog na magkakatabi ang higaan.





Nang sumunod na araw,

‘mas mabuti talaga sa aming bahay’

Ang bulong ni Akira sa sarili.

Paminsan-minsan ay nagkakasakit ang mundo

‘Sana gumaling ka na kaagad’

Ang sabi niya dito.



## ～ Para sa mga pamilya ～



Ang mga bata ay nag-aalala kung minsan na baka muling lumindol kaya ayaw nilang umuwi ng bahay. Pag-ingatan o gawin natin ang mga sumusunod.

1. Hanggang maaari ay ibalik ang normal na takbo ng pang araw-araw na buhay. Makakabuti marahil na bigyan sila ng kanilang mga dating laruan.

2. Maglaan ng ligtas na lugar para sa mga bata. Halimbawa, lugar na kung saan walang matutumba o babagsak na bagay.

3. Mahalaga na turuan natin ang mga bata kung ano ang kailangan gawin kung muling lumindol. Tumakbo sa ligtas na lugar at ang susunod na dapat gawin. Bigyan natin sila ng kapayapaan ng isip, pangalagaan at sabihan na walang dapat ikabahala.



Pag-iingat) Bago bumalik ng bahay, tiyakin natin na ligtas ito.



©2010熊本県くまモン＃熊本支援

Sinalin sa Tagalog ni Arnel Concepcion